Mental Health America of Lancaster County

**PROGRAMA SA PAGKAMAKATARUNGAN SA KAGALINGAN**

**MGA PROYEKTONG NAKADIREKTA SA PAGPAPABUTI SA KOMUNIDAD**

**Tinanggap ang Mga Aplikasyon simula Hulyo 15, 2023**

Mga panahon ng aplikasyon:

Round 1: Nakatakdang pagtatapos ng aplikasyon 8/29/23 – tinatantyang petsa ng pasisimula: 9/29/23

Round 2: Nakatakdang pagtatapos ng aplikasyon 10/15/23 – tinatantyang petsa ng pasisimula: 11/15/23

Round 3: Nakatakdang pagtatapos ng aplikasyon 12/15/23 – tinatantyang petsa ng pasisimula: 1/15/24

LIVE WELL SAN DIEGO

COUNTY OF SAN DIEGO
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

ACCREDITED HEALTH DEPARTMENT • PUBLIC HEALTH ACCREDITATION BOARD • PHAB Advancing public health performance

## Buod

Pinopondohan ng Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan ang mga proyektong nagpapabuti sa komunidad na nagtataguyod ng panlipunan o pang-ekonomiyang pagbangon mula sa pandemya ng COVID-19. Maglilingkod ang mga tatanggap sa mga komunidad na hindi proporsyonal na naapektuhan ng pandemya, nasa mas mataas na panganib ng mga pagkakaiba-iba sa kalusugan, at/o dati nang hindi nabigyan ng sapat na serbisyo. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa: Mga komunidad ng Black/African American, Hispanic/Latinx, Asian American, Native Hawaiian Pacific Islander, at Native American; mga komunidad na hindi nabigyan ng sapat na medikal na serbisyo; at mga taong naninirahan sa mga komunidad sa kanayunan.

Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng mga posibleng proyekto, ngunit hindi limitado sa ang:

- Mga proyekto sa pamamahagi ng pagkain
- Edukasyon at outreach sa COVID-19
- Mga hardin sa komunidad
- Aktibong transportasyon
- Mural at iba pang pagsisikap sa pagpapaganda
- Mga proyekto sa pagpapatiwasay ng trapiko
- Mga proyekto para matugunan ang panlipunang pagbubukod
- Anumang bagay na maaaring kailanganin ng iyong komunidad na naaayon sa mga layuning ito

Naghahanap kami ng mga proyektong nag-aalok ng mga malikhaing solusyon para mapabuti ang pagkamakatarungan sa kalusugan, magkaroon ng mataas na impluwensiya sa komunidad, magsulong ng pagbangon mula sa pandemya, at ang pinakamabuti, ang maging likas-kaya na higit pa sa paunang pagpopondo.

## Background

Noong Mayo 27, 2021, ginawaran ang departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Publiko (Public Health Services, PHS), sa Ahensya ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency, HHSA) ng County ng San Diego ng pagpopondo mula sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) para sa Proyekto ng Pagkakaiba-iba sa Kalusugan dulot ng COVID-19. Layunin ng pagpopondo na tugunan ang mga pagkakaiba-iba sa kalusugan dulot ng COVID-19 sa mga populasyon na may mataas na panganib at kulang sa serbisyo, kabilang ang mga minoryang populasyon ng lahi at etniko at mga komunidad sa kanayunan.

Bilang bahagi ng pagpopondong ito, kinontrata ang Mental Health America San Diego sa Taon ng Pananalapi ng 2023-2024 para i-subgrant ang $1.5 milyon sa mga organisasyong nakabase sa komunidad para sa Mga Proyektong Nakadirekta sa Pagpapabuti sa Komunidad na tumutugon sa mga pagkakaiba-iba sa kalusugan.

Magbibigay ang Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan, isang programa ng PHS, sa pakikipagtulungan sa Mental Health America of San Diego, ng pagpopondo para sa mga piling grassroot na organisasyon sa komunidad para maging mga subcontractor para tumuon sa pagtataguyod ng kalusugan o mga aktibidad na nagbabawas ng mga pagkakaiba-iba sa kalusugan sa mga komunidad ng lahi at etniko. Makatanggap ng hanggang $25,000 para masuportahan ang iyong proyekto o venture.

Angkop ka para sa Programa sa Pagpopondo ng Subcontractor ng Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan kung ikaw ay….

- Nakabase sa County ng San Diego.
- Isang organisasyon o grupo na pangunahing nagsisilbi sa mga tao sa loob ng County ng San Diego mula sa mga komunidad na hindi proporsyonal na naapektuhan ng pandemya ng COVID-19. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa: Mga komunidad ng Black/African American, Hispanic/Latinx, Asian American, Native Hawaiian Pacific Islander, at Native American; mga komunidad na hindi nabigyan ng sapat na medikal na serbisyo; mga komunidad ng LGBTQIA+; at mga taong naninirahan sa mga komunidad sa kanayunan.
- Isang mahalagang bahagi ng iyong komunidad ang pagbabahagi ng kaalaman at impormasyong may kaugnayan sa pagbabawas ng mga pagkakaiba-iba sa kalusugan at pagtaas ng kaalaman tungkol sa kagalingan.
- Magkaroon ng malinaw na ideya tungkol sa isang proyekto at handa nang kumilos ang iyong organisasyon.
- Masigasig sa paglikha ng pagbabago sa iyong komunidad.

## Mga Detalye sa Pagpopondo ng Subcontractor

### *Mga Petsa at Deadline*

- Para mag-apply, mangyaring magsumite ng isa sa mga sumusunod na paraan **sa pagitan ng Hulyo 15, 2023 - Disyembre 15, 2023:**

    1. Direkta sa pamamagitan ng link na ito: **https://www.mhasd.org/wellnessequity**
    2. I-email ang aplikasyon sa bbanks@mhasd.org
    3. I-mail sa 4069 30th St, San Diego, CA 92104, USA

LIVE WELL SAN DIEGO | COUNTY OF SAN DIEGO HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY | ACCREDITED HEALTH DEPARTMENT PHAB PUBLIC HEALTH ACCREDITATION BOARD

***Proseso ng Aplikasyon***

Susuriin at tatasahin ang lahat ng aplikasyon sa Komite ng Pagpapayo ng Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan (Wellness Equity Program, WEP), na pinangangasiwaan ng Mental Health America San Diego. Ang mga tauhan ng Mental Health America San Diego (WEP) ang may huling desisyon sa proseso ng pagpili.

***Pagiging Kwalipikado***

- Dapat nasa County ng San Diego ang proyekto
- Dapat isulong ang panlipunan o pang-ekonomiyang pagbangon sa mga kwalipikadong komunidad.
- Kakayahang matugunan ang mga kinakailangan sa kontrata, tulad ng mga pagsusuri sa background, na isinangguni sa iba pang tuntunin at kondisyon.

***Paggamit ng Mga Pondo***

- Maaaring gamitin ang mga pondo para sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng negosyo ng programa.

- Dapat gastusin ang pondo bago ang Mayo 21, 2024.

***Iba pang Tuntunin at Kondisyon***

- Magpapasa ang mga aprubadong aplikante ng mga buwanang ulat sa pag-unlad sa tagapag-ugnay ng programa ng WEP.
- Kailangang lagdaan ng mga aprubadong aplikante ang Kasunduan ng Subcontractor sa Mental Health America San Diego (MHASD) na may mga tuntunin at kondisyong iniatas ng County ng San Diego para sa Mga Proyektong Nakadirekta sa Pagpapabuti sa Komunidad para matugunan ang Mga Pagkakaiba-iba sa Kalusugan.
- Dapat lumahok sa isang serye ng pagbuo ng kapasidad at mga workshop sa pagpapaunlad ng organisasyon na magpapataas ng pagiging likas-kaya at magbibigay ng pagpapaunlad ng pamumuno.
- Maaaring kailanganing dumalo sa pagpupulong ng Komite ng Pagpapayo ng WEP para gumawa ng ulat sa pag-unlad o presentasyon sa iyong pinondohang proyekto.

**(Sumasang-ayon ang subcontractor na sumunod sa lahat ng naaangkop na regulasyon, tuntunin, at kondisyon ng County ng San Diego sa pag-apruba ng grant na ito)**

*Maaaring mag-email ang mga aplikante sa bbanks@mhasd.org o tumawag sa kanya nang direkta sa (619) 727-1888 para sa anumang tanong.*

Nilalayon ng WEP na mapabuti ang mga panlipunang pantukoy ng kalusugan, kabilang ang mga kategorya sa ibaba. ***Para sa higit pang impormasyon sa "Mga Panlipunang Pantukoy ng Kalusugan" i-click ang larawan sa ibaba o bisitahin ang:***
https://health.gov/healthypeople/priority-areas/social-determinants-health***:***




Malusog na Mamamayan sa 2030, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Tanggapan ng Pag-iwas sa Sakit at Pagtataguyod ng Kalusugan. Kinuha noong Hunyo 22, 2023, mula sa https://health.gov/healthypeople/objectives-and-data/social-determinants-health

## Mental Health America of San Diego

## Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan – Mga Proyektong Nakadirekta sa Pagpapabuti sa Komunidad na Tumutugon sa Mga Pagkakaiba-iba sa Kalusugan - Aplikasyon ng Subcontractor

---

**Organisasyon/Pangalan ng Grupo:** _____

**Address:** _____

**Lungsod/Zip:** _____

**Taong Makakaugnayan/Titulo**: _____ **Telepono:** _____

**Email:** _____ **Rehiyon ng County:** _____

**Hiniling na Halaga (hanggang $25,000):** _____

**Lagda:** _____

---

**Pangalan ng Proyekto**: _____

---

**Buod ng Panukala:** Mangyaring magbigay ng maikling paglalarawan ng proyektong hinahanapan mo ng pagpopondo:

LIVE WELL SAN DIEGO | COUNTY OF SAN DIEGO HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY | ACCREDITED HEALTH DEPARTMENT PHAB PUBLIC HEALTH ACCREDITATION BOARD

Mental Health America of Lancaster County

**Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan – Mga Proyektong Nakadirekta sa Pagpapabuti sa Komunidad**

**SALAYSALAY NG PANUKALA**

**Mangyaring sagutin ang mga tanong sa nakalaan na espasyo. Dapat hindi hihigit sa dalawang pahina ang salaysay (hindi kasama ang badyet).**

1. **Maikling ilarawan ang iyong organisasyon at ang misyon nito.**

2. **Aling komunidad ang pagsisilbihan ng proyektong ito (maging tiyak, at isama ang anumang nauugnay na demograpikong impormasyon tungkol sa lahi/etnisidad, mga zip code, atbp.)?**

3. **Paano naapektuhan ng pandemyang COVID-19 ang komunidad na pinaglilingkuran ng iyong organisasyon, at paano makakatulong ang proyektong ito sa panlipunan o pang-ekonomiyang pagbangon?**

4. **Mangyaring ilarawan kung bakit pinakaangkop ang iyong organisasyon para ipatupad ang proyektong ito.**

5. **Sabihin sa amin kung ano sa tingnin ng iyong organisasyon ang mga kalakasan at hamon ng mga komunidad.**

6. **Anong mga partikular na pangangailangan sa kalusugan ang tinutugunan ng proyektong ito?**

7. **Bakit sa tingin ng iyong organisasyon na mahalaga ang iyong iminungkahing proyekto para sa komunidad?**

8. **Kung iginawad ang grant, ano ang plano ng iyong organisasyon para mapanatili ang mga benepisyo ng proyektong ito sa hinaharap?**

9. **Maikling ibahagi ang kuwento ng iyong programa/organisasyon. Maaari mong gamitin ang pagkamalikhain sa pagsagot sa tanong na ito, tulad ng pagkukuwento sa video o audio (hindi hihigit sa 2 min).**

10. **Badyet – Mangyaring maglakip ng iminungkahing badyet (1 pahina o mas kaunti) na nagsasaad kung paano gagamitin ang mga pondo.**

Sinusuportahan ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) (CDC/HHS) ng U.S. bilang bahagi ng gawad ng tulong sa pananalapi na may kabuuang $24,255,805 na 100 porsiyentong pinondohan ng CDC/HHS. Ang mga nilalaman ay yaong sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, o pag-endorso, ng CDC/HHS, o ng Gobyerno ng U.S.Sinusuportahan ng gawaing ito ang *Live Well San Diego (Mabuhay Nang Mabuti San Diego)*, ang bisyon ng County para sa rehiyong Bumubuo ng Mas Mabuting Kalusugan, Ligtas na Pamumuhay, at Umuunlad.

Mental Health America of Lancaster County

LIVE WELL SAN DIEGO

COUNTY OF SAN DIEGO
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

Accredited Health Department • PHAB • Public Health Accreditation Board